
1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagsulat Nang May Tamang Laki at Layo sa Isa't isa ang mga Letra



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagsulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra**
**Kompetensi: Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra**
**Competency Code: F1PU-IIIb 1.2**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| Manunulat : | Daisy M. Doral | |
| Editor : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe | |
| Tagasuri : | Ronald T. Bergado, Aprilyn F. Kimmayong | |
| Tagaguhit : | Domingo G. Radam | |
| Tagalapat : | Rozen D. Bernales, Jestoni H. Amores | |
| Tagapamahala: | Benjamin D. Paragas | |
| | Jessie L. Amin | |
| | Octavio V. Cabasag | Rizalino G. Caronan |
| | Romel B. Costales | Jorge G. Saddul, Sr. |
| | Felimendo M. Felipe | Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagsulat Nang May Tamang Laki at Layo sa Isa't isa ang mga Letra

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang maisagawa ang pagsulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatulong sa iyo upang makapagsulat ng mga letra na may tamang laki at layo nito.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagsulat nang may tamang laki at layo ng mga letra

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makasusulat nang may tamang laki at layo ng mga letra.
- Naisasagawa ang pagsusulat nang may kagalakan.

## *Subukin*

| Gawain 1 | Ang Gusto Ko |
|---|---|

### Gawain ng magulang/guro

Basahin ang kuwento para sa bata. Ipaalala ang kahalagahan ng pakikinig nang mabuti para maintindihan ang kuwentong narinig.

### Gawain ng mag-aaral

Makinig sa kuwentong babasahin ng iyong magulang/guro tungkol sa ibat-ibang gawain sa komunidad. Sagutin nang pasalita ang mga tanong.

### Gawain ng magulang/guro

**Sabihin sa bata:** Sa araw na ito ay kikilalanin natin ang mga miyembro ng pamilya ni Juan. Handa ka na bang makinig?

## Ang Pamilya ni Juan

Malusog at masipag, ganyan kung ilarawan ng karamihan ang batang si Juan. Masipag raw itong mag-basa dahil bukod sa pagpasok sa paaralan ay tinuturuan rin siya ni Gng. Santos, ang kaniyang nanay na isa ring guro. Tinapay ang madalas na baon ni Juan na gawa naman ng kanyang Tito Pedro na isang sikat na panadero sa bayan. Pangarap ni Juan ang maging isang doktor upang makatulong sa mga may sakit. Kaya naman upang matustusan ang kaniyang pag-aaral, tuwing walang pasok ay tumutulong siya sa kaniyang Tatay Jose na isang magsasaka.

**Mga tanong:**

1. Ano ang pamagat ng kuwentong iyong narinig?
2. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
3. Ano ang hanapbuhay ng nanay ni Juan? Ang kaniyang tatay? Ang kaniyang tiyo?
4. Ano anong mga hanapbuhay o trabaho ang nabanggit sa kuwento?
5. Bakit pangarap maging doktor ni Juan?
6. Kung ikaw si Juan, anong trabaho/ hanapbuhay ang gusto mo paglaki?

## Gawain 2

## Kilalanin natin muli ang mga miyembro ng pamilya ni Juan at ang kanilang mga hanapbuhay o trabaho.

### Gawain ng magulang/guro

Basahin para sa bata ang mga pangungusap at alalayan ito sa pagsagot at pagsusulat.

### Gawain ng mag-aaral

Sikaping sagutin ang tinutukoy ng bawat pangungusap na ilalarawan ng magulang/guro. Pagkatapos, bakatin ang salita katabi ng larawan.

1. **Tinuturuan ni Gng. Santos magbasa si Juan. Siya ay ___________?**



guro

2. **Paglaki ni Juan, gusto niyang manggamot ng mga may sakit. Siya ay ___________?**



doktor

3. **Gumagawa ng tinapay ang Tiyo Pedro ni Juan. Siya ay __________?**



pandero

4. **Nagtatanim ng palay ang Tatay ni Juan. Siya ay __________?**



magsasaka

5. **Tumutulong sa pagtinda ng tinapay ang Tiya ni Juan. Siya ay _____________?**



tindera

## Balikan

### Gawain ng magulang/guro

Ipakilala sa bata ang mga larawan. Hayaang sabihin ng bata kung sino ang mga ito. Pagkatapos, alalayan ang bata sa pagsagot ng gawain.

### Gawain ng mag-aaral

Sagutin nang buong husay ag gawain.

**Panuto:** Kilalanin ang mga nasa larawan. Ayusin ang mga letra ng mga gawain sa komunidad ayon sa tamang pagkakasunod ng Alpabeto. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
|  bombero |  karpentero |

| | |
|---|---|
|  tindera |  magsasaka |

1.

3.



***Mga Tala para sa Guro***

***Ang modyul na ito ay tumutugon sa aralin tungkol sa pagsulat ng tamang laki at layo ng mga letra. Ang mga gawain na naiatang para sa bata ay maaring maging gabay ng guro sa pagbibigay ng mga karagdagang gawain upang mahubog ang bata sa pagsulat ng tamang laki at layo ng mga letra.***

# *Tuklasin*

## Gawain ng magulang/guro

Basahin ang bawat pangungusap para sa bata. Ipatukoy sa bata ang inilalarawan ng bawat pangungusap at hayaang isulat ang sagot nito sa sagutang papel.

## Gawain ng mag-aaral

Makinig sa babasahin ng magulang/guro. Tukuyin ang inilalarawan sa pangungusap at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nagtatrabaho ako sa paaralan. Ano ang tawag sa akin?

| | | |
|---|---|---|
|  guro |  panadero |  karpintero |

2. Nagtatrabaho ako sa ospital. Ano ang tawag sa akin?

| | | |
|---|---|---|
|  serbidora |  panadero |  nars |

3. Nagtatrabaho ako sa palaisdaan. Ano ang tawag sa akin?

| | | |
|---|---|---|
|  mangingisda |  karpintero |  magsasaka |

## *Suriin*

### Gawain ng magulang/guro

Ipasagot sa mag-aaral sa paraang pasalita ang mga tanong na nasa ibaba.

### Gawain ng mag-aaral

Sagutin nang buong husay ang mga tanong na babasahin/itatanong ng magulang/guro.



Mga tanong:

- ✓ Naisulat mo ba nang tama ang mga letra na bumubuo sa salita?
- ✓ Nagawa mo ba ito nang maayos?
- ✓ Ano ang iyong naramdaman habang ginagawa ito?
- ✓ Paano mo isinulat ang mga letra?


### Gawain ng magulang/guro

Basahin para sa bata ang mga pamantayan base sa ginawa nito at hayaang iguhit ang puso o mukha sa sagutang papel.

### Gawain ng mag-aaral

Iguhit ang puso  sa sagutang papel kung ang gawain ay nagawa nang tama at  kung hindi.

| | |
|---|---|
| 1. | Naisulat ko po ang letra sa pamamagitan ng pagsunod sa mga guhit. |
| 2. | Ginamit ko po ang unang guhit na kulay asul (blue), ikalawang guhit na kulay pula (red), at ikatlong guhit na kulay asul (blue) sa pagsulat ng malaking letra. |
| 3. | Ginamit ko po ang  ikalawang guhit na kulay pula (red) at ikatlong guhit na kulay asul ( blue) sa pagsulat ng maliit na letra. |
| 4. | Masaya po ako habang ako ay gumagawa sa Gawain. |
| 5. | Nasunod ko po ang tamang laki at layo ng mga letra. |



# Pagyamanin

Narito ang mga iba't ibang kasanayan  sa pagsulat ng mga letra nang may tamang laki at layo sa isa't isa. Subukan nating gawin.

## Gawain ng magulang/guro

Ipakita sa bata ang mga gawain at ipaliwanag nang mabuti kung paano gawin ang mga ito.

## Gawain ng mag-aaral

Sumunod sa mga panuto ng bawat gawain at sagutin nang buong husay ang mga ito.


## Gawain 1

Pagtapat tapatin ang mga gawain sa komunidad. Pagkatapos ay isulat ito sa patlang sa ibaba.




Bumbero





Hardinero





Tubero






1.

2.

3.

## Gawain 2

Kilalanin ang bawat larawan. Alin sa mga larawang ito ang makikita sa silid-aralan? Isulat ang sagot sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
|  **aklat** |  **computer** |  **lapis** |
|  **manika** |   **pisara** |  **Smart TV** |

1. ______________________

2. ______________________

3. ______________________

4. ______________________

5. ______________________

## *Isaisip*

### Gawain ng magulang/guro

**Itanong sa bata:**

Paano ang wastong pagsusulat ng mga letra?

Kung hindi masasagot ng bata ang katanungan, maaaring sabihin at ipaintindi ito sa kaniya:

Ang pagsusulat ng mga letra ay naaayon sa guhit ng papel. Ang pulang guhit hanggang sa asul ay inilaan para sa mga maliliit na letra. Ang unang asul na guhit, pangalawang pulang guhit hanggang sa ikatlong asul na guhit ay inilaan para sa mga malalaking letra. Tingnan ang gabay na mga linya sa ibaba.

### Gawain ng mag-aaral

Sikaping intindihin at unawain ang pinag-aralan. Isaisip ito.

## *Isagawa*


### Gawain ng magulang/guro

Ipaliwanag nang mabuti ang gawain sa bata.


### Gawain ng mag-aaral

Sagutin nang buong husay ang sumusunod na gawain.


- Alin sa mga larawan ang mga bagay na ginagamit sa paaralan? Isulat ang sagot sa patlang na nasa ibaba.




krayon



aklat




manika



lapis



TV



bag

1. ______________________
2. ______________________
3. ______________________
4. ______________________
5. ______________________
6. ______________________

## *Tayahin*

### Gawain ng magulang/guro

Ipaliwanag nang mabuti ang gawain sa bata at hayaan itong sagutin niya nang buong husay. Alalayan ang bata sa pagsagot kung nahihirapan.

### Gawain ng mag-aaral


Sagutin nang buong husay ang gawain.

**Panuto:** Tukuyin ang angkop na trabaho o hanapbuhay na inilalarawan sa mga pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Gusto kong magtrabaho sa ospital. Gusto kong maging isang _____.




2. Gusto kong tumulong sa pag-apula ng apoy. Gusto kong maging isang_______.


3. Gusto kong ibalitaang mga nangyayari sa bayan. Gusto kong maging isang _____.




4. Gusto kong gamutin ang mga may sakit. Gusto kong maging isang__________.




5. Gusto kong turuan ang mga bata. Gusto kong maging isang______.




## *Karagdagang Gawain*

### Gawain ng magulang

Tulungan ang bata sa pagsulat ng hinihinging impormasyon.

### Gawain ng mag-aaral

Isulat nang buong husay ang mga hinihinging impormasyon. Gamitin ang tatlong linyang nakalaan para sa pagsusulat ng malalaki at maliliit na letra.

Pangalan:

Pangalan ng mga magulang:

Tirahan:



# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

Gawin 2

1. nars
2. mangingisda
3. inhenyero
4. guro
5. doktor

**Balikan**

1. bombero
2. karpentero
3. magsasaka
4. tindera

**Tuklasin**

1. Guro
2. Nars
3. Mangingisda

**Pagyamanin**

Gawin 2

1. aklat
2. computer
3. lapis
4. pisara
5. Smart TV

**Isagawa**

1. Krayon
2. Aklat
3. Lapis
4. bag

**Tayahin**

1. Nars
2. Bombero
3. Reporter
4. Doktor
5. Guro

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph